



Rent Assistance

Ang Rent Assistance ay nagbibigay ng pampinansyang tulong sa mga taong nangungupahan at tumatanggap ng isang Centrelink kabayaran mula sa amin.

Pagiging karapatdapat para sa Rent Assistance

Maaari kang kumuha ng Rent Assistance kung tumatanggap ka ng isa sa mga kabayaranang ito mula sa amin:

- Age Pension, Carer Payment o Disability Support Pension
- ABSTUDY Living Allowance, Austudy o Youth Allowance
- Espesyal na Benepisyo
- higit pa sa batayang kabayaran ng Family Tax Benefit Part A
- Parenting Payment may partner at solo
- JobSeeker Payment o Farm Household Allowance.

Dapat mo ring bayaran ang isa sa mga ito:

- upa
- mga bayad sa isang nayon ng pagreretiro (retirement village)
- panuluyan
- pangaserahan at panuluyan
- lugar o mga bayad sa pagpupugal (mooring fee) kung ang pangunahin mong tahanan ay isang naililipat na bahay o isang bangka

Kung magkano ang Rent Assistance ang makukuha mo ay depende sa kung magkano ang upang binabayad mo. Ang upang binabayad mo kada dalawang linggo ay dapat na higit kaysa sa isang halaga.

Mayroong mga espesyal na tuntunin para sa mga taong naninirahan sa isang retirement village. Ginagamit namin ang halagang binayad mo kapag ikaw ay pumasok sa retirement village. Sinusuri namin kung ikaw ay alinman sa dalawa:

- may-ari ng bahay
- hindi may-ari ng bahay

Kung aming sinuri na ikaw ay hindi may-ari ng bahay maaari kang kumuha ng Rent Assistance.

Mga espesyal na tuntunin ang nalalapat para sa ilang mga kabataan upang makakuha ng Rent Assistance kasama ng ilang kabayaran.

Depende ito sa parehong kung ikaw ay nakatira na may isang magulang o tagapag-alaga at kung kumukuha ka ng isa sa mga kabayaranang ito:

- ABSTUDY Living Allowance
- Disability Support Pension
- JobSeeker Payment
- Youth Allowance.

Para sa dagdag na impormasyon maaaring **tawagan mo kami** sa sa Ingles sa iyong pangunahing linya ng bayarin. Mangyaring sabihin mo sa amin kung kailangan mo ng interpreter at mag-aayos kami ng isa na libre. Pumunta sa **servicesaustralia.gov.au/phoneus** para hanapin ang iyong linyang bayarin .

Ang Rent Assistance ay karaniwang **hindi bayad** kung:

- nangungupahan ka sa isang awtoridad sa pabahay ng isang estado o teritoryo
- may-ari ka o binibili ang bahay na iyong tinitirhan, maliban sa mga naililipat na bahay
- ikaw ay naglalakbay mula sa bahay na pagmamay-ari mo nang mababa sa 12 buwan
- ang Australian Government ay nagbabayad ng tulong na salapi ng gobyerno sa tinitirhan mong aprubadong pasilidad ng pangangalaga sa matatanda
- ang partner mo ay tumatanggap ng Rent Assistance kasama ang Family Tax Benefit
- tumatanggap ka ng isang takdang salapi mula sa gobyerno (allowance) at tumatanggap ang iyong partner ng Rent Assistance kasama ang kaniyang pensyon.

Mga uri ng bayad para sa Rent Assistance

Aming binabago ang mga bayad sa Rent Assistance tuwing 20 ng Marso at 20 ng Setyembre kada taon. Para sa pinakahuling halaga ng bayad sa Ingles tumungo sa **servicesaustralia.gov.au/rentassistance** at piliin ang How much you can get.

Pagkuha ng Rent Assistance

Hindi mo kailangang magsumite ng kahilingan para sa Rent Assistance. Inaalang namin kung makukuha mo ito kapag humiling ka ng bayad mula sa amin.

Kung ikaw ay tumatanggap na ng bayad mula sa amin aming aalamin kung makukuha mo ito kapag nagbabayad ka ng upa at sasabihin sa amin alinman sa dalawa:

- ikaw ay lumipat ng tirahan
- nagbago ang bayad mo sa upa

Pagbabago ng mga pangyayari

Kailangang malaman namin ang tungkol sa mga pagbabagong maaaring maka-apekto o magpapatigil sa iyong Rent Assistance. Kung hindi mo sasabihin sa amin ang tungkol sa mga pagbabago sa iyong buhay, maaaring mabayaran ka namin nang sobra. Kung ito'y nangyayari, kailangang ibalik mo sa amin ang pera.

Para matanggap mo ang tamang bayad, importanteng sabihin mo sa amin ang anumang pagbabago sa iyong kalagayan sa loob ng 14 araw. Kabilang dito kung:

- binago mo o itinama ang iyong pangalan
- ang halaga ng upa mo ay nagbago
- lumipat ka ng bahay
- nagbago ang iyong kinikita
- nagbago ang iyong relasyon o katayuan sa pag-aasawa
- nagbago ang bilang ng mga anak na umaasa sa iyong pangangalaga
- labas pasok ang mga tao sa bahay na tinitirhan mo

- naglalakbay ka palabas ng Australia.

Kung paano babaguhin ang iyong mga detalye

Ang pinakamadaling paraan para ipaalam sa amin ang mga pagbabago ay sa iyong Centrelink online account sa pamamagitan ng myGov. Kung wala kang myGov o Centrelink online account, maaari kang gumawa ng isa. Upang malaman kung paano, tumungo sa **servicesaustralia.gov.au/createonlineaccount**

Maaari mong sabihin sa amin sa Ingles sa pamamagitan ng:

- pagtawag sa aming Centrelink phone self service line sa **136 240**
- pagtawag sa amin sa iyong pangunahing numerong bayarin
- pagbisita sa isang sentro ng serbisyo (service centre).

Ipaalam sa amin kung kailangan mo ng interpreter, may maibibigay kami nang libre.

Pagrepaso ng mga detalye ng iyong upa

Maaari naming repasuhin ang mga detalye ng iyong upa para masuri kung sila ay napapanahon. Ito ay para masigurong natatanggap mo ang tamang halaga ng Rent Assistance.

Kung kailangan natin ito, padadalhan ka namin ng sulat. Kung nakakakuha ka ng mga sulat sa online, tingnan mo ang iyong myGov inbox at ang iyong Express Plus Centrelink mobile app. Kung ikaw at ang iyong partner ay parehong nakakuha ng isang sulat ng pagrerepaso, isa lang sa inyo ang kailangang sumagot.

Bilang bahagi ng repaso, kailangan mong kumpirmahin o baguhin ang iyong detalye ng upa. Kung hindi mo kukumpletuhin ang iyong repaso sa takdang petsa, ititigil namin ang iyong Rent Assistance.

Pagbibigay ng pruwera sa iyong mga pagsasaayos ng upa

Maaari ka naming hilingan na bigyan kami ng pruwera ng upang ibinabayad mo para makakuha ng Rent Assistance.

Kung hilingin ka naming kumpletuhin ang isang Rent Certificate o bigyan kami ng isang pormal na kasunduan sa pangungupahan (tenancy agreement), maaari mong isumite ito:

- nang online
- sa pamamagitan ng koreo
- sa isang service centre.

Kailangan mo lang mag-kumpleto ng isang Rent Certificate kung hihilingin namin sa iyo. Ipapadala namin ito sa pamamagitan ng koreo

Para sa dagdag na impormasyon

- Pumunta sa **servicesaustralia.gov.au/rentassistance** sa Ingles.
- Tumungo sa **servicesaustralia.gov.au/yourlanguage** kung saan ikaw ay makababasa, makikinig sa o manood ng impormasyon sa iyong wika.
- tumawag sa serbisyong telepono sa iba't ibang wika ng Centrelink para makipag-usap sa **131 202** sa iyong wika tungkol sa mga kabayaran at serbisyo ng Centrelink.
- Bumisita sa isang service centre.

Ang mga tawag mula sa iyong telepono sa bahay sa numerong 13mula saanman sa Australya ay nakapirming bayarin. Ang bayaring iyan ay maaaring mabago mula sa presyo ng isang lokal na tawag at maaari ring magbago sa pagitan ng mga tagapagbigay ng serbisyo.

Pagtatatuwa (Disclaimer)

Ang impormasyong nakapaloob sa publikasyong ito ay isang gabay sa mga kabayaran at mga serbisyo. Responsibilidad mo na desisyunan kung gusto mong mag-aplay para sa isang bayarin at gumawa ng aplikasyon ayon sa iyong partikular na kalagayan.



Rent Assistance

Rent Assistance gives financial help to people who pay rent and get a Centrelink payment from us.

Eligibility for Rent Assistance

You may get Rent Assistance if you get one of these payments from us:

- Age Pension, Carer Payment or Disability Support Pension
- ABSTUDY Living Allowance, Austudy or Youth Allowance
- Special Benefit
- more than the base rate of Family Tax Benefit Part A
- Parenting Payment partnered and single
- JobSeeker Payment or Farm Household Allowance.

You must also pay one of these:

- rent
- fees in a retirement village
- lodging
- board and lodging
- site or mooring fees if your main home is a caravan, relocatable home or a boat.

How much Rent Assistance you can get depends on how much rent you pay. The rent you pay each fortnight must be above a certain amount.

There are special rules for people living in a retirement village. We use the amount you paid when you entered the retirement village. We then assess if you are either, a:

- home owner
- non-home owner.

If we assess you as a non-home owner you may get Rent Assistance.

Special rules apply for some young people to get Rent Assistance with some payments.

These depend on both if you live with a parent or guardian and if you get one of these payments:

- ABSTUDY Living Allowance
- Disability Support Pension
- JobSeeker Payment
- Youth Allowance.

For more information you can **call us** in English on your main payment line. Let us know if you need an interpreter and we will arrange one for free. Go to **servicessaustralia.gov.au/phoneus** to find your payment line.

Rent Assistance is usually **not paid** if:

- you lease from a state or territory housing authority
- you own or are buying the home you live in, except relocatable homes

- you are travelling away from the home you own for less than 12 months
- the Australian Government pays a subsidy to the approved residential aged care facility where you live
- your partner gets Rent Assistance with Family Tax Benefit
- you get an allowance and your partner gets Rent Assistance with their pension.

Payment rates for Rent Assistance

We update Rent Assistance rates on 20 March and 20 September each year. For the latest rates in English go to servicessaustralia.gov.au/rentassistance and select How much you can get.

Getting Rent Assistance

You do not need to submit a claim for Rent Assistance. We check if you can get it when you claim a payment from us.

If you already get a payment from us we will check if you can get it when you pay rent and you either tell us:

- you have moved address
- the rent you pay has changed.

Change of circumstances

We need to know about changes that could affect or stop your Rent Assistance. If you do not tell us about changes in your life, we may pay you too much. If this happens, you will have to pay the money back.

To get the correct payment, it is important you tell us of any change of circumstance within 14 days. This includes if:

- you change or correct your name
- your rent costs change
- you move house
- your income changes
- your relationship or marital status changes
- the number of dependent children in your care changes
- people move in or out of the house you live in
- you travel outside Australia.

How to update your details

The easiest way to tell us about changes is with your Centrelink online account through myGov. If you do not have a myGov or Centrelink online account, you can create one. To find out how, go to servicessaustralia.gov.au/createonlineaccount

You can also tell us in English by:

- calling our Centrelink phone self service line on **136 240**
- calling us on your main payment number

- visiting a service centre.

Let us know if you need an interpreter, we can provide one for free.

Review of your rent details

We may review your rent details to check they are up to date. This is to make sure you are getting the right amount of Rent Assistance.

If we need this, we will send you a letter. If you get letters online, check your myGov Inbox and your Express Plus Centrelink mobile app. If you and your partner both get a review letter, just one of you needs to reply.

As part of the review, you need to confirm or update your rent details. If you do not complete your review by the due date, we will stop your Rent Assistance.

Providing proof of your rent arrangements

We may ask you to give us proof of the rent you pay to get Rent Assistance.

If we ask you to complete a Rent Certificate or give us a formal tenancy agreement, you can submit them:

- online
- by post
- at a service centre.

You only need to complete a Rent Certificate if we ask you to. We will post it to you.

For more information

- Go to servicesaustralia.gov.au/rentassistance in English.
- Go to servicesaustralia.gov.au/yourlanguage where you can read, listen to or watch information in your language.
- Call the Centrelink multilingual phone service on **131 202** to speak with us in your language about Centrelink payments and services.
- Visit a service centre.

Calls from your home phone to 13 numbers from anywhere in Australia are a fixed rate. That rate may vary from the price of a local call and may also vary between telephone service providers.

Disclaimer

The information contained in this publication is a guide to payments and services. It is your responsibility to decide if you wish to apply for a payment and to make an application with regard to your particular circumstances.